{Tunay na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumaway na mag-iwang ng dumi [ng hayop] at buto [ng hayop]

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tunay na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumaway na mag-iwang ng dumi [ng hayop] at buto [ng hayop]. Nagsabi siya: "Tunay na ang dalawang ito ay hindi nakapagdadalisay."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dāraquṭnīy]

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang tumugon sa tawag ng pangangailangan niya na pag-ihi o pagdumi na magpunas siya ng buto ng hayop o dumi nito at mga inilalabas nitong tuyo. Nagsabi siya: "Tunay na ang mga ito ay hindi nakaaalis ng karumihan at hindi nakapagdadalisay."

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10045